

# Pag-unawa at Pagbabahagi ng Mga Nararamdaman ng Iba

## Senaryo 1

Kasama ni Gabi ang kanyang mga kaibigan para mananghalian, pero noong pumunta siya sa banyo, naiwan niya ang kanyang telepono sa mesa. Habang wala siya, kinuha ng kaibigan niyang si Castel ang telepono ni Gabi at sinimulang tingnan ang kanyang mga text. Ang unang text na nakita niya ay isang galit na text mula sa nanay ni Gabi dahil bumagsak siya sa math.

- Ano ang mararamdaman ni Gabi tungkol doon?
- Bakit ayaw sabihin ni Gabi sa mga kaibigan niya ang tungkol sa kanyang hindi magandang resulta?
- Katanggap-tanggap ba ang mga pagkilos ni Castel?
- Ano ang mararamdaman ng iba pang kaibigan na kasamang mananghalian tungkol sa mga pagkilos ni Castel?
- Ano ang palagay mo tungkol kay Castel? Kumikilos ba nang tama si Castel? Gusto mo bang maging kaibigan si Castel?
  - Ano ang mararamdaman mo kung mayroong gumawa nito sa iyo?
  - Ayos lang ba ang pag-uusisa? Paano kung nag-aalala ka sa kaibigan mo?

## Senaryo 2

Nakikipag-usap si Rodrigo kay Caitlin nang matisod siya at matumba sa putik. Nakakatawa talaga siya para kay Caitlin at kinunan niya ito ng litrato, pero hindi tumatawa si Rodrigo at mukhang napahiya.

- Bakit maaaring i-post ni Caitlin ang litrato sa online?
- Bakit nainis si Rodrigo?
- Sa tingin mo ano ang dapat sabihin ni Rodrigo kay Caitlin?
- Ano ang mararamdaman mo kung may kumuha ng iyong nakakahiyang litrato? Gugustuhin mo bang makita ito sa online?
- Ang sitwasyon bang ito ay isang insidente ng pangbu-bully?

## Senaryo 3

Si Victoria ay isang 15 taong gulang na estudyante na may dalawang kapatid na lalaki, nanay at maraming kaibigan at mga schoolmate. Mag-schoolmate sina Victoria at Marek at magkasamang gumagawa sa isang project sa science class. Kahapon, nagkaroon sila ng test sa science, at nang matanggap ng lahat ang kanilang mga resulta, napansin ni Marek na mukhang inis na inis si Victoria. Ilang araw na hindi pumasok si Victoria noong sumunod na linggo, kaya mag-isang gumawa si Marek sa science project. Noong bumalik siya, sinabi niya kay Marek na kinailangan niyang magpatingin sa doktor, pero wala siyang ibang sinabi.

- Sino sa eskuwela ang kailangang makaalam ng kanyang mga resulta? Ang kanyang medikal na kasaysayan? Bakit?
- Sino ang maaaring gustong makausap ni Victoria tungkol sa alinman sa mga isyung ito?
- Sa buhay mo, anu-ano ang mga halimbawa ng impormasyon na gusto mong makita ng mga magulang / tagapag-alaga mo pero hindi ng mga kaibigan mo, o vice versa?

# Pag-intindi at Pagbabahagi ng Mga Nararamdaman ng Iba: Kopya ng Nagtuturo

## Senaryo 1

Kasama ni Gabi ang kanyang mga kaibigan para mananghalian, pero noong pumunta siya sa banyo, naiwan niya ang kanyang telepono sa mesa. Habang wala siya, kinuha ng kaibigan niyang si Castel ang telepono ni Gabi at sinimulang tingnan ang kanyang mga text. Ang unang text na nakita niya ay isang galit na text mula sa nanay ni Gabi dahil bumagsak siya sa math.

- Ano ang mararamdaman ni Gabi tungkol doon?
  - Maaaring maramdaman ni Gabi na may nanghimasok sa kanyang privacy at maaaring mawalan ng tiwala sa kaibigan niya.
- Bakit ayaw sabihin ni Gabi sa mga kaibigan niya ang tungkol sa kanyang hindi magandang resulta?
  - Maaaring ituring ni Gabi na pribadong impormasyon ang kanyang mga grade.
- Katanggap-tanggap ba ang mga pagkilos ni Castel?
  - Ang mga kalahok ay dapat isasaalang-alang ang kanilang mga sariling kaugalian tungkol sa privacy na nauugnay sa mga grade at sa kanilang telepono, pati rin sa inaasahan nila mula sa kanilang mga kaibigan.
- Ano ang mararamdaman ng iba pang kaibigan na kasamang mananghalian tungkol sa mga pagkilos ni Castel?
  - Dapat isaalang-alang ng mga kalahok kung paano sila kikilos kung may nakita silang posibleng hindi naaangkop na asal.
- Ano ang palagay mo tungkol kay Castel? Kumikilos ba nang tama si Castel? Gusto mo bang maging kaibigan si Castel?
  - Ano ang mararamdaman mo kung mayroong gumawa nito sa iyo?
  - Ayos lang ba ang pag-uusisa? Paano kung nag-aalala ka sa kaibigan mo?
    - Dapat isipin ng mga kalahok ang kanilang mga sariling kaugalian tungkol sa privacy at mga personal na relasyon.

## Senaryo 2

Nakikipag-usap si Rodrigo kay Caitlin nang matisod siya at matumba sa putik. Nakakatawa talaga siya para kay Caitlin at kinunan niya ito ng litrato, pero hindi tumatawa si Rodrigo at mukhang napahiya.

- Bakit maaaring i-post ni Caitlin ang litrato sa online?
  - Dapat makilala ng mga kalahok ang mga motibo ni Caitlin: ang makakuha ng mga tawa o like ay karaniwang katanggap-tanggap na pag-uudyok para sa pagpo-post ng isang bagay sa online, basta't hindi ito makakasama sa ibang tao.
- Bakit nainis si Rodrigo?
  - Dapat isipin ng mga kalahok kung paano isasaalang-alang ang mga nararamdaman ng iba kapag gumagamit ng social media.
- Sa tingin mo ano ang dapat sabihin ni Rodrigo kay Caitlin?
  - Ang mga kalahok ay dapat makagawa ng mga estratehiya para tugunan ang ganitong asal.
- Ano ang mararamdaman mo kung may kumuha ng iyong nakakahiyang litrato? Gugustuhin mo bang makita ito sa online?
  - Dapat isaalang-alang ng mga kalahok ang kanilang mga sariling kaugalian tungkol sa gusto nilang ibahagi ng iba sa online.
- Ang sitwasyon bang ito ay isang insidente ng pangbu-bully?
  - Dapat isaalang-alang ng mga kalahok kung ano ang bumubuo sa pangbu-bully at talakayin ang mga detalye ng partikular na sitwasyong ito.

### **Senaryo 3**

Si Victoria ay isang 15 taong gulang na estudyante na may dalawang kapatid na lalaki, nanay at maraming kaibigan at mga schoolmate. Mag-schoolmate sina Victoria at Marek at magkasamang gumagawa sa isang project sa science class. Kahapon, nagkaroon sila ng test sa science, at nang matanggap ng lahat ang kanilang mga resulta, napansin ni Marek na mukhang inis na inis si Victoria. Ilang araw na hindi pumasok si Victoria noong sumunod na linggo, kaya mag-isang gumawa si Marek sa science project. Noong bumalik siya, sinabi niya kay Marek na kinailangan niyang magpatingin sa doktor, pero wala siyang ibang sinabi.

- Sino sa eskuwela ang kailangang makaalam ng kanyang mga resulta? Ang kanyang medikal na kasaysayan? Bakit?
  - Dapat isaalang-alang ng mga kalahok kung paano may iba't ibang antas

ng privacy ang iba't ibang impormasyon. Ang mga resulta ni Victoria sa eskuwela ay mga sensitibong impormasyon na hindi niya gugustuhing malaman ng kanyang mga kaibigan, schoolmate o ng pangkalahatang publiko. Gayunpaman, ang mga ito ay hindi pribado sa kanyang mga magulang / tagapag-alaga. Ganoon din para sa kanyang medikal na kasaysayan, bagaman ang impormasyong iyon ay mas sensitibo.

- Sino ang maaaring gustong makausap ni Victoria tungkol sa alinman sa mga isyung ito?

- Maaaring personal na gustong panatiliing pribado ni Victoria ang kanyang impormasyon. Dapat igalang ang desisyong ito. Maaari rin niyang piliing ibahagi ang ilan, pero hindi ang lahat ng pribadong impormasyon. Halimbawa, maaari niyang ibahagi sa kanyang mga magulang / tagapag-alaga ang kanyang mga kahirapan sa mga resulta pero hindi sa kanyang mga kaibigan.

- Sa buhay mo, anu-ano ang mga halimbawa ng impormasyon na gusto mong makita ng mga magulang / tagapag-alaga mo pero hindi ng mga kaibigan mo, o vice versa?

- Dapat isaalang-alang ng mga kalahok ang mga sarili nilang kagustuhan tungkol sa privacy.